IJMERI

Volume 04 Issue 04 | November 2026

Article 3

E- ISSN: 2980-4760
P- ISSN: 2980-4752

ORIGINAL ARTICLE

# Paggalugad sa Paghahanda ng mga Nagsasanay na Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Rehiyonal

# Exploring the Preparation of Trainee Teachers in Teaching Regional Literature

**Leonora F. De Jesus**[1]

*[1]Associate Dean, Graduate School- Bulacan State University, Malolos City, Bulacan, Philippines; Nagpapakadalubhasa, Graduate Studies-Baliuag University, Baliuag Bulacan*

Corresponding Author's Email: leonora.dejesus@bulsu.edu.ph




## ABSTRAK

Ang rehiyonal na panitikan ay mahalagang salik sa pagbibigay ng kaalaman sa kultura at pagkakakilanlan ng mga mag-aaral. Gayunman, nananatiling kulang ang pananaliksik sa antas ng kaalaman ng mga nagsasanay na guro sa rehiyonal na panitikan at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang kahandaan sa pagtuturo. Nilalayon ng pag-aaral na ito na tukuyin ang ugnayan ng kaalaman sa rehiyonal na panitikan sa kahandaan, pagtuturo, at pagtataya ng panitikang sa elementarya. Gumamit ang pananaliksik ng deskriptibo-korelasyonal na disenyo at parallel-convergent mixed methods. Nakalap ang datos mula sa 76 na nagsasanay na guro gamit ang iskalang Likert, talatanungan at bukas na tanong para sa kwalitatibong bahagi. Lumabas sa pagsusuri na bagama't mataas ang antas ng kaalaman ng mga kalahok, hindi ito nagpakita ng makabuluhang ugnayan sa kanilang kahandaan, pagtuturo, at pagtataya. Gayunpaman, lumitaw sa kwalitatibong datos ang aktibong paghahanda ng mga guro sa kabila ng mga hamon sa materyales at estratehiya. Ipinahihiwatig nito na ang kaalaman ay mahalaga, ngunit hindi sapat na tagapagpahiwatig ng kahandaan sa klasrum. Inirerekomenda ang mas konkretong pagsasanay at suporta sa mga guro upang mapalakas ang epektibong pagtuturo ng rehiyonal na panitikan.

***Mga Susing Salita:*** *nagsasanay na guro, rehiyonal na panitikan, antas ng kahandaan, pagtuturo ng panitikan, pagtataya*

## ABSTRACT

Regional literature is an important factor in imparting cultural knowledge and identity to students. However, there remains a lack of research on the level of knowledge of preservice teachers in regional literature and how it affects their readiness to teach. This study aims to determine the relationship of knowledge of regional literature to the



Published by IJMERI, Saint Joseph College, Southern Leyte, Philippines
Website: http://www.ijmeri.com/
This is an open access article under the CC BY license

readiness, teaching, and assessment of literature in elementary schools. The research used a descriptive-correlational design and parallel-convergent mixed methods. Data were collected from 76 practicing teachers using a Likert scale, questionnaire and open-ended questions for the qualitative component. The analysis showed that although the level of knowledge of the participants was high, it did not show a significant relationship with their readiness, teaching, and forecasting. However, the qualitative data revealed the active preparation of teachers despite challenges with materials and strategies. This suggests that knowledge is an important, but not sufficient indicator of classroom readiness. More concrete training and support to teachers is recommended to strengthen the effective teaching of regional literature

***Keywords:*** *teacher trainee, regional literature, readiness level, teaching literature, forecasting*

**Recommended Citation**

De Jesus, L. (2026). Paggalugad sa Paghahanda ng mga Nagsasanay na Guro sa Pagtuturo ng Panitikang Rehiyonal. *International Journal of Multidisciplinary Educational Research and Innovation. 4*(4), 35-49.

## INTRODUKSYON

Malaki ang gampanin ng guro sa pagpapalawak ng kabatiran ng mga mag-aaral sa nakamulatang kultura at kasaysayan. Ayon kina Rae et al., (2024), ang pagbibigay sa mga mag-aaral ng sapat na impormasyon sa kulturang Pinoy ay nakatutulong na mapalalim ang pag-unawa at pagmamahal sa kulturang nakagisnan. Malaki ang gampanin ng paaralan upang maisakatuparan ito. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Atienza (2020) na ang pag-aaral at pagtuturo ng mga lokal na literatura higit ang dulaan ay mahalaga upang maitanyag mayamang kontribusyon ng mga ito sa pambansang identidad. Sa pamamagitan ng integrasyon ng mga na panitikan sa pagtuturo at sa kurikulum bialnmg kabuuan, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng pagkakataong mas maunawaan at pahalagahan ang kanilang sariling kultura at kasaysayan, na nagdaragdag sa kanilang pagkatao bilang isang Pilipino.

Kaugnay nito, kinakailangang suriin ang antas ng kahandaan ng mga gurong nagsasanay sa pagtuturo ng rehiyonal na panitikan, lalo na sa antas ng elementarya dahil sa antas na ito madaling maitimo sa kamalayan ng mag-aaral ang pundasyon na kailangan nilang matutunan. Sa kabilang banda, isinalaysay nina Cabasan at Abueva (2024) ang mga posibleng suliranin na nararanasan ng mga guro sa pagtuturo ng wika at panitikkan, tulad ng limitadong oras at mga pagsubok sa paggamit ng modyul sa pagtuturo. Ipinakita rin ni Dipolog (2024) sa kanyang pag-aaral ang kakulangan ng rehiyonal na akdang pampanitikan na malaking sagabal sa mga guro sa sekundarya upang magtagumpay sa kanilang layunin. Isinasaad sa kanilang pag-aaral na mas maraming pananaliksik ang tumutuon sa kurikulum at kagamitan; at hindi sa mas malalim na pag-unawa sa mga guro, lalo na sa mga pangunahing kasanayan na kailangan din ng mga nagsasanay na guro sa elementarya tuon sa kawalan ng materyales sa pagtuturo ng panitikan. Dahil dito, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na tumatalakay sa antas ng kaalaman ng mga nagsasanay na guro sa rehiyonal na panitikan. Hindi rin sapat na nabibigyang-pansin kung paano ito nakaaapekto sa kanilang kahandaan, pagtuturo, at pagtataya ng panitikan sa elementarya. Gayundin, may kakulangan sa mga epekto ng kakulangan ng na panitikan sa mga mag-aaral, lalo na sa pagkatuto ng kalinangan, kultura, at identidad. Sinasabi na ang mga mag-aaral na hindi

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

nagtataglay ng sapat na kaalaman sa kanyang kulturang kinagisnan ay maaaring magdulot ng kakulangan sa pagpapahalaga sa tradisyon at nakalakihang paniniwala.

Mula sa mga nabanggit, ninanais na maisakatuparan ang pananaliksik na ito upang mapunan ang kakulangang ito at mabigyang-linaw ang ugnayan ng kanalaman sa rehiyonal na panitikan at ang epektibong pagtuturo nito sa mga mag-aaral sa elementarya.

### Paglalahad ng Suliranin

1. Paano mailalarawan ang antas ng kaalaman ng mga nagsasanay na guro ng elementarya tungkol sa rehiyonal na panitikan?
2. Paano mailalarawan ang antas ng kahandaan, pagtuturo ng panitikan at pagtataya ng mga nagsasanay na guro sa pagtuturo ng rehiyonal na panitikan sa elementarya?
3. Naiimpluwensiyahan ba ng antas ng kamalayan sa rehiyonal na panitikan ang kahandaan, pagtuturo ng panitikan at pagtataya sa pagtuturo ng panitikan ng rehiyon sa elementarya?
4. Ano ang mga hamon ang nararanasan ng mga nagsasanay na guro sa elementarya sa pagpapahalaga sa rehiyonal na panitikan at kanilang kahandaan sa pagtuturo?

### Teorya ng Pag-aaral

Ibinatay ang pananaliksik na ito sa dalawang teoryang may kaugnayan sa pag-aaral: ang Teorya ng Multikulturalismo ni Banks na tinalakay niya sa Multicultural Education (2015) at ang Teorya ng Sosyo-Kultural ni Lev Vygotsky na binanggit ni Main (2023).

Ayon kay Banks (1989), layunin ng multikulturalismo na isama sa kurikulum ang pagtalakay ng kultura upang mas maging matibay ang pagkakakilanlan ng tao sa sarili niya at mapalalim pa ang pag-unawa sa kanilang pinagmulan. Sa konteksto ng rehiyonal na panitikan, ipinakikita ng teoryang ito na mahalagang maituro ang panitikan ng isang rehiyon upang mapalakas ang pagkilala at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang sariling kultura. Upang ito ay mangyari, kinakailangan ang sapat na kaalaman at kahandaan ng mga guro sa pagtuturo nito.

Sa kabilang banda, binibigyang-diin naman ng Teorya ng Sosyo-Kultural ni Lev Vygotsky na ang pagkatuto ay isang panlipunang proseso kung saan ang wika at panitikan ay may mahalagang papel sa pagbuo ng kaalaman at ng lipunan. Sa pamamagitan ng panitikan, nagkakaroon ng mas makabuluhang pagkatuto ang mga mag-aaral dahil ito ay may kaugnayan sa kanilang sariling karanasan at komunidad. Sa ganitong pananaw, mas magiging makabuluhan ang pagtuturo ng panitikan kung ang mga guro ay may sapat na kahandaan sa pagpapaliwanag at pagtataya ng mga akdang pampanitikan mula sa kanilang rehiyon.

### Delimitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa pagsusuri ng antas ng kaalaman sa rehiyonal na panitikan ng mga nagsasanay na guro sa elementarya at kung paano ito naiugnay sa kanilang kahandaan, pagtuturo, at pagtataya ng panitikang rehiyonal. Nilimitahan ang saklaw sa mga mag-aaral mula sa programang Bachelor of Elementary Education (BEED) sa isang pampublikong pamantasan sa Bulacan. Pitumpu't anim (76) sa kabuuang walumpu (80) ang aktwal na lumahok sa pagsagot ng talatanungan, at dalawampu't lima (25) sa kanila ang sumagot sa bahagi ng kwalitatibong panayam. Hindi saklaw ng pag-aaral ang mga guro sa sekundarya, in-service teachers, o mga mag-aaral mula sa ibang rehiyon. Nakatuon lamang ang pag-aaral sa rehiyonal na panitikan, hindi kasama ang panitikang pambansa o banyaga. Gumamit ng Likert-scale talatanungan at open-ended question, ngunit hindi isinagawa ang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

aktwal na obserbasyon sa pagtuturo at hindi na isinailalim sa pilot testing ang instrumento alinsunod sa pasya ng mga eksperto mula sa kolehiyo.

Bilang isang parallel-convergent mixed methods research, ang pag-aaral ay limitado sa integrasyong ginawa batay sa sabayang pagsusuri ng kwantitatibo at kwalitatibong datos.

Ang resulta ay tumutukoy lamang sa mga kalahok sa nasabing konteksto at hindi maaaring tumukoy sa buong populasyon ng mga guro sa bansa.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang pinaghalong kwantitatibo at kwalitatibong metodo sa anyong parallel-convergent. Sa disenyong ito isinasagawa nang sabay ang pangangalap at pagsusuri ng kwantitatibo at kwalitatibong datos, pagkatapos ay pinagsasama ang kinalabasan ng parehong kwantitatibo at kwalitatibo nang maipakita nang mas malinaw ang naging resulta ng pag-aaral. Ang pagsasanib ay ginawa gamit ang talahanayan bago ipakita ang konklusyon ng pag-aaral.

### Populasyon ng Pananaliksik

Binubuo ng pitumpu't anim ( 76) na nagsasanay na guro mula sa dalawang seksyon ng isang pampublikong Pamantasan sa Bulacan na kumukuha ng Bachelor of Elementary Education (BEED). Sinubukan ng mananaliksik na ang buong populasyon na walumpo (80) na kasalukuyang nakatala sa nasabing programa ay makatugon; subalit may apat na hindi nagsagot ng talatanungan dahil hindi na sila pumasok sa klase; na ginalang na mananaliksik bilang pagsunod sa etika ng pananaliksik. Naniniwala ang mananaliksik na ang kabuuang bilang na 80 bagamat 76 lamang ang tumugon bagama't maliit ay masasabing may kumpletong data dahil sila na ang kabuuang populasyon ng pag-aaral na pinahahalagahan din naman ng National Academic Press (2018) na naniniwala na mas ligtas gamitin ang buong populasyon ng pag-aaral kung maliit ang populasyon nito. Ang dalawampu't lima (25) na mag-aaral sa unang seksyon na dumalo sa aktwal na pakikipanayam ng guro ang kinuhanan ng impormasyon para sa kwalitatibo; hindi na nakausap pa ng guro ang ikalawang seksyon dahil sa nagtapos na ang panuruang taon.

### Instrumento sa Pananaliksik

Ang instrumento na ginamit sa pag-aaral ay binuo batay sa mga naunang pag-aaral na gumamit ng talatanungang may iskalang likert upang masukat ang kahandaan, kasanayan, at kaalaman ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan at pagtataya. Katulad ng ginawa nina Jusayan (2021) at ng Teacher Readiness Study ni Saputra (2023), isinama rin ang bukas na tanong upang makuha ang kontekstwal na karanasan ng mga kalahok. Ang instrumento ay sinuri ng tatlong eksperto sa kolehiyo at hindi na dumaan sa pagsubok anila ay batay naman sa naunang pag-aaral ang mga pahayag; nagsagawa lamang ng modipikasyon dahil kailangan ng pag-aaral.

### Pag-aanalisa ng Datos

Sa pagtukoy ng antas ng kaalaman at kahandaan, pagtuturo ng panitikan, at pagtataya ng mga gurong nagsasanay sa pagtuturo ng panitikang rehiyonal sa elementarya, ginamit ang frequency, mean, at standard deviation sa pagsusuri ng datos. Samantala, upang matukoy kung naiimpluwensyahan ng

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

antas ng kamalayan ang tatlong nabanggit na baryabol, ginamit ang multiple linear regression gayundin ang 5 point likert scale.

Sa pagtatala ng mga karanasan ng mga kalahok, ginamit ang kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng manwal na induktibong pagkokoda batay sa pamamaraan ni Johnny Saldaña (2013). Sa prosesong ito, kinuha ang mga koda mula sa aktwal na sagot ng mga kalahok, na pagkatapos ay inuri at pinagsama-sama ayon sa pagkakatulad gamit ang process codes upang mas maunawaan ang kanilang aktwal na karanasan. Matapos makuha ang mga kodigo, binuo ang mga pangunahing tema na sumasalamin sa mga pattern ng sagot. Pinalalim pa ang pagsusuri sa tulong ng in-vivo codes, o mga tuwirang pahayag ng mga kalahok, na nagpatibay sa kredibilidad at kabuluhan ng mga nabubuong tema. Sa pangkalahatan, ang paggamit ng parehong kwantitatibo at kwalitatibong metodo sa pagsusuri ng datos ay nagbigay ng higit na malalim na pag-unawa sa mga hamon sa pagsasalin at sa epekto ng Teoryang Komunikatibo ni Peter Newmark sa tiwala sa sarili, motibasyon, at kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalin.

## RESULTA AT DISKUSYON

**Antas ng kaalaman ng mga nagsasanay na guro sa elementarya tungkol sa rehiyonal na panitikan**

**Talahanayan 1.** Kaalaman sa rehiyonal na panitikan

| Blg | Pahayag | M | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Alam ko ang kahulugan ng lokal na panitikan at ang kahalagahan nito sa kultura ng aking rehiyon. | 3.82 | 0.86 | Mataas na kaalaman |
| 2 | Pamilyar ako sa mga pangunahing anyo ng lokal na panitikan, tulad ng epiko, alamat, at kwentong bayan. | 4.19 | 0.77 | Mataas na kaalaman |
| 3 | May kaalaman ako sa mga lokal na manunulat na naging tanyag sa aming rehiyon. | 3.58 | 0.84 | Mataas na kaalaman |
| 4 | Nabasa ko na ang ilan sa mga kilalang lokal na akdang pampanitikan mula sa aking rehiyon. | 3.45 | 0.99 | Katamtamang kaalaman |
| 5 | Nauunawaan ko ang mga temang karaniwang makikita sa lokal na panitikan ng aking lugar. | 3.78 | 0.86 | Mataas na kaalaman |
| 6 | Nagagamit ko ang lokal na panitikan bilang sanggunian sa pagtuturo o pagbuo ng mga aralin. | 3.78 | 1.23 | Mataas na kaalaman |
| 7 | Naniniwala akong mahalaga ang lokal na panitikan sa paghubog ng identidad ng mga mag-aaral. | 4.62 | 0.85 | Lubos na kaalaman |
| 8 | May kamalayan ako sa mga pagsisikap na gawin upang mapanatili at mapalaganap ang lokal na panitikan. | 4.05 | 0.79 | Mataas na kaalaman |
| 9 | Alam ko ang impluwensya ng lokal na panitikan sa kasaysayan at kultura ng aking rehiyon. | 4.12 | 0.83 | Mataas na kaalaman |
| 10 | Naiuugnay ko ang mga akdang pampanitikan sa lokal na tradisyon, kaugalian, at paniniwala. | 3.99 | 0.85 | Mataas na kaalaman |
| 11 | Nauunawaan ko ang papel ng lokal na panitikan sa pagpapanatili ng yaman ng kultura ng aking rehiyon. | 4.16 | 0.77 | Mataas na kaalaman |
| 12 | Nakikilala ko si Virgilio Almario na nagmula sa rehiyon 3 | 3.93 | 1.02 | Mataas na kaalaman |
| 13 | Si Marcelo Del Pilar ay tubong Bulacan na sumulat ng Dasalan at Tocsohan. | 4.31 | 1.00 | Mataas na kaalaman |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 14 | Si Juan Crisostomo Sotto (Crissot) ay manunulat mula sa rehiyon 3 | 3.70 | 0.95 | Mataas na kaalaman |
| | | **3.96** | **0.89** | **Mataas na kaalaman** |

Batay sa nakalap na datos, makikita na mataas ang antas ng kaalaman ng mga nagsasanay na guro sa rehiyonal na panitikan na may pangkalahatang mean na 3.96. Ipinakikita naman ng standard deviation na 0.89 na may kaunting pagkakaiba sa mga tugon ng mga guro, na nagpapahiwatig ng pagkakapareho ng kanilang pananaw tungkol sa lokal na panitikan. Ang mga pahayag na may mataas na mean tulad ng kahalagahan ng lokal na panitikan sa identidad ng mga mag-aaral (M = 4.62) at ang mga pangunahing anyo ng panitikan tulad ng epiko at alamat (M = 4.19) ay nagpapakita ng mataas na kaalaman ng mga guro. Gayunpaman, may mga aspekto na nangangailangan pa na maituro, tulad ng pagbabasa ng lokal na panitikan (M = 3.45) at pagkilala sa mga manunulat mula sa rehiyon (M = 3.70). Ito rin ay nagpapatunay na may ilang guro na hindi pa lubos na nakababasa ng mga akdang pampanitikan o kaya naman ay kulang pa sa mga impormayson na may kaugnayan sa mga rehiyonal na manunulat.

Sa pangkalahatan, ang antas ng kaalaman ng mga guro sa rehiyonal na panitikan ay indikasyon ng kanilang kahandaan sa pagtuturo nito. Gayunpaman, ayon sa NCSS (2020), ang kahandaan sa pagbabasa ng lokal na panitikan at pagpapakilala sa mga lokal na manunulat ay kailangang mapaigting. Sa pamamagitan ng tamang pagpaplano ng aralin, maisasama ng guro ang lokal na panitikan sa pagtuturo na isang hakbang upang mapalawak ang kanilang kaalaman sa sariling kultura at pagkakakilanlan.

**Ang kahandaan, pagtuturo ng panitikan at pagtataya ng mga gurong nagsasanay sa pagtuturo ng rehiyonal na panitikan sa elementarya**

**Talahanayan 2.** Antas ng kahandaan, pagtuturo at pagtataya ng mga nagsasanay na guro

| Blg | Pahayag | M | SD | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| | **Antas ng Kahandaan** | | | |
| 1 | Nakakapagdisenyo ako ng makabuluhang aralin gamit ang lokal na panitikan ng rehiyon. | 3.45 | 0.88 | May kahandaan |
| 2 | Nagagamit ko ang mga halimbawa mula sa panitikan ng rehiyon upang magturo ng mahahalagang aral sa buhay. | 3.68 | 0.81 | May mataas na kahandaan |
| 3 | May kakayahan akong pumili ng angkop na akda mula sa panitikan ng rehiyon na naaayon sa antas ng mag-aaral. | 3.66 | 0.91 | May mataas na kahandaan |
| 4 | Natutukoy ko ang mga estratehiyang epektibo sa pagtuturo ng rehiyonal na panitikan. | 3.75 | 0.86 | May mataas na kahandaan |
| | | 3.64 | 0.86 | Mataas na kasanayan |
| | **Pagtuturo ng Panitikan** | | | |
| 1 | Kayang-kaya kong magturo ng panitikan ng rehiyon sa paraan na madaling maunawaan ng mga mag-aaral. | 3.62 | 0.89 | Mataas na kasanayan |
| 2 | Nagagamit ko ang rehiyonal na panitikan upang ipakilala ang kultura at tradisyon ng pook sa aking klase. | 3.82 | 0.87 | Mataas na kasanayan |
| 3 | Nakakabuo ako ng mga pagsasanay na nagpapaunawa sa mga mag-aaral tungkol sa rehiyonal na panitikan. | 3.51 | 0.85 | Mataas na kasanayan |

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 4 | Nagagawa kong ikonekta ang mga tema ng lokal na panitikan sa kasalukuyang isyu o karanasan ng mga mag-aaral. | 3.68 | 0.85 | Mataas na kasanayan |
| | | 3.66 | 0.86 | Mataas na kasanayan |
| | **Pagtataya** | | | |
| 1 | Nakakapagbigay ako ng angkop na pagtatasa na sumusukat sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa rehiyonal na panitikan. | 3.62 | 0.89 | Mataas na kasanayan |
| 2 | May kakayahan akong magbigay ng kritikal na puna sa pakahulugan ng mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. | 3.43 | 0.86 | May kasanayan |
| 3 | Natutukoy ko ang kalakasan at kahinaan ng mga mag-aaral base sa kanilang nalalaman sa rehiyonal na panitikan. | 3.66 | 0.88 | Mataas na kasanayan |
| | | 3.57 | 0.87 | Mataas na kasanayan |
| | | **3.62** | **0.86** | **Mataas na kasanayan** |

Ipinakikita ng talahanayan na ang mga guro ay handa sa pagtuturo ng lokal na panitikan, subalit may ilang bahagi naman na kinakailangan pa nilang paghusyan pa. Ang pinakamataas na mean score ay naitala mula sa pahayag na "Nagagamit ko ang panitikan ng rehiyon bilang kasangkapan sa pagpapakilala ng kultura at tradisyon sa klase" na nakakuha ng 3.82. Ipinakikita nito na ang mga guro ay may mataas na antas ng kahandaan sa paggamit ng lokal na panitikan upang ituro ang nakagisnang kultura at tradisyon. Ito rin ay nagbabadya na ang mga guro ay tiwala at sapat ang kaalaman sa pagsasama ng mga akdang pampanitikan upang maipalaganap ang kultura at tradisyon sa kanilang klase, isang aspeto na sadyang mahalaga sa pagtuturo. Ayon kay Nambiar et al. (2020), ang integrasyon ng lokal na kultura sa mga materyales sa pagbasa ay nagpapataas ng interes ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Samantala, ang pinaka-mababang rating ay naitala sa pahayag na " May kakayahan akong magbigay ng kritikal na puna sa pakahulugan ng mag-aaral sa mga akdang pampanitikan." na nakakuha ng 3.43 na nangangahulugan na may pangangailangan ang mga guro na paigtingin pa ang kanilang kasanayan sa pagtataya at pagsusuri ng kaalaman ng mga mag-aaral. Bagamat may kakayahan silang magturo, may malaking kakulangan pa sila sa pagsusuri sa pag-unawa ng mga estudyante sa lokal na panitikan. Ayon kina Clores at Aaron (2020), ang mga guro sa junior high school sa Pilipinas ay may katamtamang kahusayan lamang, na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa karagdagang pagsasanay sa epektibong mga kasanayan sa pagtataya. Samantala, ang nakuhang SD na 0.88 ay nagpapakita ng halos magkakamukhang tugon ng mga impormante. Ibig tukuyin nito na may mga guro na may mataas na kahandaan habang ang iba naman ay may tugon na mababang kahandaan. Samakatuwid ang mga gurong nagsasanay ay may iba't ibang pananaw at karanasan sa paghahanda at pagpapahalaga sa panitikan ng rehiyon ngunit may ilang bahagi na magkakatulad. Kaugnay nito, sa pag-aaral ni Wang et al. (2022), tinukoy niya na ang gurong may mataas na pagpapahalaga sa kanyang paksang tinuturo ay may mataas ring kakayahan sa pagtuturo; samakatuwid may direktang ugnayan ang kahandaan at pagpapahalaga.

**Impluwensiya ng antas ng kaalaman sa rehiyonal na panitikan sa kahandaan, pagtuturo ng panitikan at pagtataya ng mga gurong nagsasanay sa pagtuturo ng rehiyonal na panitikan sa elementarya**

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

**Talahanayan 3.** Impluwensiya ng Antas ng Kamalayan sa Rehiyonal na Panitikan sa Kahandaan, Pagtuturo, at Pagtataya

| DV | Intercept | Slope | $R^2$ | P- Value | Interpetasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Antas ng kahandaan | 4.0134 | -0.1006 | 0.064 | 0.747 | Mahina at hindi significant na relasyon |
| Pagtuturo ng Panitikan | 2.6232 | 0.2751 | 0.479 | 0.308 | Katamtaman ngunit hindi significant |
| Pagtataya | 5.0714 | -0.3886 | 0.945 | 0.151 | Malakas ngunit hindi significant |

Batay sa resulta ng multiple linear regression analysis, natuklasan na walang statistically significant na ugnayan ang kaalaman sa lokal na panitikan sa tatlong nabanggit na baryabol. Ang mga p-values na nakuha ay 0.747 para sa kahandaan, 0.308 para sa pagtuturo, at 0.151 para sa pagtataya - lahat ay higit sa 0.05 na alpha level, na nagpapahiwatig na walang kaugnayan.

Sa kahandaan sa pagtuturo, ang nakuhang $R^2$ na 0.064 ay nagpapakita na 6.4% lamang ng variation sa kahandaan ang naippapaliwanag ng kamalayan sa lokal na panitikan. Ang negative slope (-0.1006) ay nagmumungkahi ng mahina at hindi consistent na relasyon. Sa pagtuturo ng panitikan, kahit na may katamtamang $R^2$ (0.479), ang p-value na 0.308 ay nagpapatunay na hindi pa rin significant ang ugnayan. Samantala, sa pagtataya, bagamat may mataas na $R^2$ (0.945), ang p-value na 0.151 ay nagpapahiwatig na hindi pa rin konklusibo ang kinalabasan ng pag-aaral.

Ang mga resultang ito ay nagpapakita na ang kaalaman sa lokal na panitikan ay hindi direktang prediktor ng kahandaan, pagtuturo, o pagtataya ng mga nagsasanay na guro sa kasalukuyang pag-aaral. Gayunpaman, ang mga trends na nakita ay maaaring magsilbing batayan para sa hinaharap na pag-aaral na may mas komprehensibong patunay.

Taliwas sa resulta ng pag-aaral na ito, ipinakita sa pananaliksik ni Jusayan (2021) na kapag mataas ang kaalaman ng guro sa panitikang ginagamit sa pagtuturo tulad ng kulturang popular; ay mas handa silang pumili ng angkop na estratehiya at makabuo ng maayos na pagtataya. Sa kanyang pag-aaral, malinaw ang ugnayan ng kaalaman sa aktwal na kasanayan.

Ngunit sa kasalukuyang pag-aaral, kahit mataas ang kaalaman ng mga nagsasanay na guro sa rehiyonal na panitikan, hindi ito nagpakita ng makabuluhang epekto sa kanilang kahandaan, pagtuturo, o pagtataya. Maaaring ang pagkakaibang ito ay dahil sa konteksto: si Jusayan ay tumalakay sa mga gurong may aktwal nang karanasan sa pagtuturo, samantalang ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga nagsasanay pa lamang. Malaki ang kaibahan ng kaalaman na natutuhan sa silid-aralan at ng kahandaang hinuhubog ng aktwal na karanasan. Suportado ito ng pag-aaral nina Piasta et al. (2009) na nagpakitang ang kaalaman ng guro sa pagbasa ay may interaksiyon sa paraan ng pagtuturo: para sa mga gurong may mataas na kaalaman, ang mas maraming explicit instruction ay humantong sa mas mataas na word-reading gains ng mga estudyante. Ngunit sa mga gurong may mababang kaalaman, ang parehong instruction ay nagresulta sa mas mahinang pagkatuto. Ipinapakita ng resultang ito na ang kaalaman lamang ay hindi sapat; kinakailangan itong sabayan ng sapat na kasanayan at tamang paggamit ng pedagohikal na pamamaraan.

Bukod pa rito, maaaring nakaapekto rin ang kakulangan ng babasahin, limitadong akses sa akdang rehiyonal, at kawalan ng konkretong suporta mula sa kurikulum o institusyon. Ipinahihiwatig nito na ang

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

mataas na kaalaman ay mahalaga, ngunit hindi ito sapat; kailangan itong sabayan ng sapat na kagamitan, gabay, at pagkakataong mailapat sa tunay na klasrum. Ang kontradiksyon sa resulta ay nagpapakita hindi ng kahinaan ng alinmang pananaliksik, kundi ng ugnayan ng kaalaman, karanasan, at kontekstong kinabibilangan ng mga guro.

Sinangayunan ito nina Georgiou et al. (2023) at binigyang diin din nila na ang mga estratehiyang nakabatay sa ebidensya ay nagpapataas ng kahusayan ng guro at nagdudulot ng mas mataas na pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Gayundin sa pag-aaral nina Monica at Soplantila (2024) na nagsasabing ang paggamit ng kwentong bayan bilang reading material ay epektibo sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binabasa. Ipinapakita ng kanilang pananaliksik na ang mga pamilyar na kwento ay nakatutulong sa pagkonekta ng mambabasa sa sariling kultura, na siyang nagpapataas ng interes at kahusayan sa pagbabasa. Suportado rin ng pag-aaral nina Platil et al. (2024) ang ideya na ang edukasyon ay epektibong instrumento sa pagpapalaganap ng kaalaman at pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Sa kanilang pag-aaral, binigyang-diin ang papel ng edukasyon, media, at komunidad sa pagpapatibay ng kamalayan sa kasaysayan at kultura.

Gayunpaman, bagama't hindi naging makabuluhan ang ugnayan ng kaalaman sa kahandaan, pagtuturo, at pagtataya ($p > 0.05$), hindi ito nangangahulugang walang halaga ang kaalaman ng guro. Maaaring may iba pang nakatagong salik tulad ng aktwal na karanasan, patuloy na pagsasanay, at suportang pedagohikal mula sa paaralan na mas malaki ang impluwensiya sa pagiging handa ng guro sa pagtuturo.

**Mga hamon na nararanasan ng mga nagsasanay na guro sa elementarya sa pagpapahalaga sa rehiyonal na panitikan at kanilang kahandaan sa pagtuturo**

Ang mga nagsasanay na guro ay nakararanas ng mga hamon at ilang suliranin kaugnay ng pagpapahalaga sa rehiyonal na panitikan at kanilang kahandaan sa pagtuturo. Mababasa ang mga ito sa talahanayan bilang 4.

**Talahanayan 4.** Hadlang sa pagpapahalaga sa Rehiyonal na Panitikan ng mga nagsasanay na guro

| Pangunahing hadlang na nararanasan sa pag-aaral o pagpapahalaga sa rehiyonal na panitikan | f | % |
|---|---|---|
| Kakulangan ng aklat o materyales tungkol sa rehiyonal na panitikan. | 58 | 76.3 |
| Hindi gaanong nabibigyang-diin ang rehiyonal na panitikan sa kurikulum. | 46 | 60.5 |
| Interes ng ibang guro at mag-aaral sa rehiyonal na panitikan. | 27 | 35.5 |
| Kakulangan ng pagsasanay o seminar tungkol sa rehiyonal na panitikan. | 44 | 57.9 |
| Hindi pagkakaroon ng sapat na oras para pag-aralan ang rehiyonal na panitikan. | 45 | 59.2 |
| Hirap sa pag-unawa sa mga akdang isinulat sa diyalekto ng rehiyon. | 19 | 25 |

Batay sa datos, ang pangunahing hadlang sa pag-aaral at pagpapahalaga sa rehiyonal na panitikan ay ang kakulangan ng aklat o materyales. Ang batis ng mapagkukunan ng impormasyon ay hindi ganoon kasapat upang may mabasa ang mag nagsasanay na guro; na magiging dahilan na rin ng mabagala na pagkatuto ng mag-aaral. Walang maituturo ang guro kung wala namang nabasa. Sinabi sa pananaliksik ni Garcia at Rivera (2020), ang kakulangan ng mga materyales at ang hindi sapat na pagbibigay-diin sa lokal na panitikan sa mga kurikulum ay hadlang sa pagtuturo at pagpapalaganap ng lokal na kultura at kasaysayan, na nakita rin sa kasalukuyang pag-aaral.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Bukod dito, 60.5% ng mga respondente ang nagsabi na hindi gaanong nabibigyang-diin ang lokal na panitikan sa kurikulum, katunayan na ang integrasyon ng kultura at maging kasaysayan sa kurikulum ay hindi na rin nabibigyang tuon. Isang dahilan ito sa kawalan ng interes ng mga guro na ituro ang panitikan dahil na rin sa hindi nila nakikita ang suporta ng organisasyon na maisama sa kurikulum ang kultura at ilan pang kaugnay nito. May 25% ng mga respondente ang tumugon na nahihirapan silang unawain ang babasahin dahil sa hindi nila maunawaan ang diyalekto na ginamit sa pagbuo nito. Ito ay sinuportahan ng pag-aaral nina Gonzales at Ramos (2022). Ayon sa kanilang pagsusuri, nakararanas ng mga pagkaantala na matuto ang mga mag-aaral at guro dahil sa hindi maunawaan ang libro na binabasa; kung kaya naman iminungkahi nila na bigyan ng mas mababawa na pagkakasulat ang literatura gamit ang mas nauunawaang teksto at iba pang estratehiya na makakatulong sa mas mabilis na pag-unawa ng panitikan.

Samantala, may naitalang pinakamahirap ihanda at isagawang aspekto ng pagtuturo ng panitikan. Basahin ang talahanayan 5 para sa nakuhang datos.

**Talahanayan 5.** Pinakamahirap ihanda at isagawag aspekto ng pagtuturo ng panitikan

| Aspekto ng Pagtuturo ng Panitikan na pinakamahirap ihanda at isagawa | f | % |
|---|---|---|
| Paghahanap ng sapat na materyales o akdang pampanitikan mula sa rehiyon. | 45 | 59.2 |
| Paglikha ng mga lesson plan na naaayon sa edad ng mag-aaral. | 18 | 23.7 |
| Pagpapaliwanag ng kahulugan o konteksto ng panitikan na may masalimuot na tema. | 41 | 53.9 |
| Paggamit ng mga istratehiya upang gawing kawili-wili ang pagtuturo ng rehiyonal na panitikan. | 44 | 57.9 |
| Pagbuo ng mga epektibong pagtatasa para sukatin ang pag-unawa ng mga mag-aaral. | 30 | 39.5 |
| Pagsasalin ng rehiyonal na akda tungo sa Filipino o Ingles. | 50 | 65.8 |

Ipinakikita ng Talahanayan 5, ang pinakahamon sa pagtuturo ng rehiyonal na panitikan para sa mga gurong nagsasanay ay ang pagsasalin nito mula sa wikang rehiyonal tungo sa Filipino o Ingles (65.8%). Ipinakikita ng talahanayan na sagabal sa mga nagsasanay na guro ang maglipat mula sa rehiyonal na wika tungo sa mas naiintindihang wika na karaniwan ay Filipino at Ingles nang hindi nawawala ang tunay na konteksto o diwa ng obra kapag nagtuturo na sila ng panitikang ng rehiyon maging ito ay nasa anyong patula o tuluyan. Ayon kina Garcia at Rivera (2020), ang kakulangan ng kasanayan sa pagsasalin ang nagiging sanhi ng maling interpretasyon ng mga akdang pampanitikan. Isa pang pangunahing hamon ang paghahanap ng sapat na akdang pampanitikan mula sa rehiyon (59.2%), na nagpapakita ng kakulangan sa mga lokal na akdang pampanitikan at kawalan ng mahusay na istilo ng pagkakasulat at salin.

Kabilang din sa mga hamon ang paggamit ng mga estratehiya upang gawing kawili-wili ang pagtuturo ng lokal na panitikan (57.9%) at ang pagpapaliwanag ng kahulugan o konteksto ng panitikan na may masalimuot na tema (53.9%). Aminado ang mga nagsasanay na guro na hirap silang ipaliwanag ang tunay na kahulugan ng panitikan dahil na rin sa hindi pa sila bihasa at hindi rin naglaan ng ng gabay para sa guro ang publikasyon ng aklat kung saan nakuha ang teksto. Ang pagbuo ng epektibong pagtatasa upang sukatin ang pag-unawa ng mga mag-aaral (39.5%) ay isa ring hamon. Samantala, ang paggawa ng banghay aralin na naaayon sa edad ng mga mag-aaral (23.7%) ay hindi gaanong itinuturing na hamon kumpara sa ibang aspeto, ngunit kailangan pa ring pagtuunan ng pansin ng mga nagsasanay na guro.

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Sa kabuuan, maaring sabihing suliranin ang mga hamon na naitala sa pag-aaral na ito para sa mga gurong nagsasanay tulad ng pagsasalin, paghahanap ng babasahing materyales, at paggamit ng estratehiya para sa epektibong pagkatuto. Marahil ang pagsasanay at ibayong paghahanda bago sila sumabak sa totoong buhay-guro ay dapat ding personal na paghandaan.

**Talahanayan 6.** Isinasagawang paghahanda sa pagtuturo ng akdang pampanitikan

| Bilang ng Tugon | Kategorya ng mga Koda | Tema |
|---|---|---|
| 1,3,4,5,6,7,8,9,16,18, 20,21,22 | P: Pagpapalalim ng Kaalaman sa Panitikan<br>In-Vivo: "pananaliksik, pagbabasa, at pag-aaral sa mga akdang panitikan" | Paghahanda ng mga guro sa pagtuturo ng rehiyonal na panitikan sa pamamagitan ng pananaliksik ng makabago at interaktibong paraan ng pagtuturo at patuloy na pagbabasa ng mga akdang rehiyonal |
| 2,10,12,13,14,17,19, 23 | P: Pagbuo ng Estratehiya sa Pagtuturo<br>In-Vivo: "naghahanda rin ako ng mga masasayang gawain" | |
| 11,15,24,25 | P: Paghahanda sa Personal at Propesyonal na Kasanayan | |

Mula sa nakitang mga hamon; itinanong ng mananaliksik ang kanilang ginagawa upang matugunan ang mga ito. Sa pamamagitan ng process coding batay kay Saldaña (2013), lumitaw ang mga kilos o proseso gaya ng pagpapalalim ng kaalaman sa panitikan, pagbuo ng estratehiya sa pagtuturo, at paghahanda sa personal at propesyonal na kasanayan. Isa sa pinakakaraniwang proseso ay ang pagsasagawa ng pananaliksik, pagbabasa, at pag-aaral ng mga akdang panitikan

Ang hakbang na ito ay nagpapakita ng layunin ng mga kalahok na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa upang maging mas epektibo sa pagtuturo. Bukod dito, binibigyang-diin ng ilang kalahok ang mas malalim na paghahanap ng pananaliksik hinggil sa makabago at interaktibong pamamaraan sa pagtuturo (process code: paghahanap ng alternatibong estratehiya), upang gawing mas kawili-wili at makabuluhan ang pag-aaral ng panitikan. Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Namanyane at Shaoan (2021), na binigyang-diin na upang maging inklusibo ang mga talakayan, kinakailangang sapat ang kaalaman ng guro sa paksang itinuturo. Kaugnay nito, ipinaliwanag nina Dadandi at Dadandi (2022) na ang mga gawi ng guro na nakahihikayat ng pagbabasa ay may direktang epekto sa reading achievement ng mga mag-aaral, partikular sa paglinang ng reading self-efficacy at enjoyment; mga salik na makatutulong din sa pagpapataas ng literasi gamit ang rehiyonal na panitikan.

Binibigyang-diin din ng ilang kalahok ang pagbuo ng estratehiya sa pagtuturo, tulad ng paghahanda ng mga interaktibo at malikhaing gawain upang maging kawili-wili ang aralin. Ang process code na ito ay inilalarawan ng in-vivo code na "naghahanda rin ako ng mga masasayang gawain." Tumutugma ito sa obserbasyon nina Cimermanová (2023) na nagsabing ang mga interaktibong estratehiya ay epektibong nagpapataas ng interes ng mga mag-aaral. Binanggit din niya na ang paggamit ng interaktibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan ay nagpapataas ng interes sa pagkatuto ng mga mag-aaral, higit kung ito ay isinasama sa mga aktwal na karanasan ng mga estudyante.

Samantala, ilang kalahok ang nagpakita rin ng paghahanda sa personal at propesyonal na kasanayan, gaya ng pagdalo sa mga seminar, pagbabasa sa sariling oras, at pagbuo ng mas matatag na pundasyon bilang guro. Bagamat hindi tahasang itinala bilang in-vivo code, malinaw sa pahayag ang kahalagahan ng patuloy na propesyonal na pag-unlad (Process Code: Paghahanda sa Personal at Propesyonal na Kasanayan). Ipinakikita ng pag-aaral nina Parilla et al. (2024) na may positibong ugnayan ang antas ng

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

kaalaman ng guro sa kalidad ng kanyang pagtuturo; na kapag mataas ang kabatiran ng guro, mas mataas din ang antas ng literasiyang naihahatid niya sa mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Haw et al. (2021) na nagsabing ang mga gurong lumalahok sa mga palihan ay mas epektibong nakapagpapalalim ng pagkatuto sa loob ng klasrum.

Sa kabuuan, ang mga process codes na natukoy ay nagpapakita ng kongkretong hakbang na ginagawa ng mga guro upang harapin ang mga hamon sa pagtuturo ng panitikang rehiyonal. Bagama't hindi ito lumitaw bilang makabuluhang epekto sa regresyon analysis, malinaw sa kwalitatibong datos na ang mga guro ay may sariling inisyatiba at konkretong hakbang upang mapunan ang mga puwang sa kanilang kahandaan.

**Talahanayan 7.** Pinagsanib na Interpretasyon

| Kwantitatibo | Kwalitatibo | Pagsasanib na Interpretasyon (Meta-inferencing) |
|---|---|---|
| **Walang makabuluhang ugnayan ang antas ng kamalayan sa kahandaan, pagtuturo, at pagtataya ($p > 0.05$)** | Nahihirapan sila sa pagsasalin, pagpili ng estratehiya, at kakulangan sa materyales para sa panitikang rehiyonal | Bagama't mataas ang kaalaman, hindi ito sapat na salik upang matiyak ang kahandaan at kasanayan; aktwal na karanasan at suporta ang higit na nakakaapekto sa pagtuturo |
| **Mataas ang mean score sa kaalaman ($M = 3.96$)** | Binanggit ng kalahok ang mga konkretong paghahanda gaya ng pananaliksik, pagbabasa, at pagdalo sa seminar upang mas mapabuti ang pagtuturo | Ang mataas na kaalaman ay nag-uudyok ng inisyatiba, ngunit nangangailangan pa ng istrukturang suporta upang ito ay maisalin sa mabisang paggamit sa klasrum |
| **Mababa ang mean sa aspekto ng pagtataya ($M = 3.57$), partikular sa pagbibigay ng angkop na pagtatasa ($M = 3.43$)** | Isinasaad ng mga kalahok na nahihirapan silang magsagawa ng pagtataya lalo na sa mga akdang may masalimuot na tema at konteksto | Ang mga guro ay kinakailangang sanayin pa sa pagbubuo ng mga pagtatayang angkop sa lokal na panitikan upang maipakita ang mas mataas na antas ng kahandaan |
| **Ang regression result sa pagtataya ay mataas ang $R^2$ (0.945) ngunit hindi significant ($p = 0.151$)** | Maraming kalahok ang nagsabing kulang sila sa kasanayan sa pagsusuri | Posibleng may potensyal na ugnayan, ngunit hindi pa lumilitaw dahil sa kakulangan ng pormal na pagsasanay; ilang salik tulad ng karanasan sa pagtuturo at kabatirang sa pagbuo ng pagtataya |
| **Mataas ang score sa paggamit ng panitikan bilang instrumento sa pagtuturo ng kultura ($M = 3.82$)** | Marami sa kanila ang gumagamit ng pagsasadula, malikhaing pagsulat, at multimedia para gawing kawili-wili ang klase | Sa kabila ng hamon, ipinakikita ng mga kalahok ang pagkamalikhain at inisyatiba na hindi tuwirang nasusukat ng instrumento ngunit lumilitaw sa kontekstwal na datos |

Ipinakikita ng Talahanayan 7 na bagama't mataas ang kaalaman ng mga nagsasanay na guro sa rehiyonal na panitikan, lumitaw sa pagsusuri na wala itong makabuluhang epekto sa kanilang kahandaan, pagtuturo, at pagtataya. Gayunpaman, sa kwalitatibong datos, inilahad ng mga guro ang mga hamon na kinakaharap nila tulad ng kakulangan ng materyales, hirap sa pagsasalin, at kakulangan

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

sa estratehiya sa pagtuturo. Ipinakikita ng kanilang mga tugon na nagsisikap silang maghanda sa pamamagitan ng pananaliksik at malikhaing pamamaraan. Kung kaya naman ang palihan na inaasahan ay nararapat na tumuon sa kanilang pangangailangan sa pagsasalin, paghahanda ng materyales at estratehiya ng pagtuturo na magiging suporta sa pagtuturo ng rehiyonal na panitikan.

## KONKLUSYON

Ipinakita ng pananaliksik na bagama't mataas ang antas ng kahandaan ng mga nagsasanay na guro sa rehiyonal na panitikan, hindi ito nagkaroon ng makabuluhang epekto sa kanilang kahandaan, pagtuturo, at pagtataya. Ipinahihiwatig nito na ang kaalaman ay hindi sapat na tagapagpahiwatig ng aktwal na kahandaan sa klasrum. Sa kabila nito, lumitaw sa kwalitatibong datos na patuloy ang mga guro sa paggawa ng inisyatiba upang mapaghandaan ang pagtuturo; gaya ng pananaliksik, pagbabasa, at paggamit ng malikhaing estratehiya. Gayunman, kinikilala rin nila ang mga hamon gaya ng kakulangan ng materyales, kakulangan sa pagsasalin, at hirap sa pagtataya. Kung hindi matutugunan ang mga nabanggit, hindi sasapat ang binanggit sa DepEd Order bilang 21, s 2019 na nagbibigay- diin sa paggamit ng kultura at panitikan bilang bahagi ng kontekstwalisadong kurikulum kung wala namang konkretong suporta mula sa ahensya tulad na lamang ng isinaling sangguniang aklat, kagamitang pampagkatuto at gabay sa pagtuturo. Maaring makatulong ang sistematikong pagsasanay, sapat na suportang institusyonal, at konkretong integrasyon ng rehiyonal na panitikan sa kurikulum upang maging mas episyente ang paghahanda ng mga guro. Ang ugnayang ito sa pagitan ng kaalaman at kahandaan ay masalimuot at nangangailangan ng mas malawak na pagtingin sa mga salik tulad ng aktwal na karanasan, akses sa mga sanggunian, at mga oportunidad sa mga palihan na maaring ikonsidera ng Kagawaran ng Edukasyon at iba pang ahensiya na nagmamahal sa wika at panitikan.Bumuo ng mga aklat at modyul na may saling nauunawaan hindi lang ng guro kundi maging mag-aaral ay dapat na maisa-alang-alang.

## MGA SANGGUNIAN


Atienza, G. C. (2020). *Ang pagtuturong ganap ng dulang lokal: Panayam ni Glecy C. Atienza sa KWF Pambansang Seminar sa Re-oryantasyon sa Pagtuturo ng Panitikan.* https://www.academia.edu/44365216/ANG_PAGTUTURONG_GANAP_NG_DULANG_LOKAL_Panayam_ni_Glecy_C_Atienza_KWF_Pambansang_Seminar_sa_Re_oryantasyon_sa_Pagtuturo_ng_Panitikan

Banks, J. A. (1989). Approaches to multicultural curriculum reform. *Trotter Review*, 3(3), 5. https://scholarworks.umb.edu/trotter_review/vol3/iss3/5/

Cabasan, J. N., & Abueva. (2024). Paglakbay sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan at balarila batay sa Most Essential Learning Competencies (MELCs). *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10*(4), 1. https://doi.org/10.36713/epra2013

Cimermanová, I. (2023). Using literature to develop critical thinking and creativity. *INTED Proceedings, 1,* 497–502. https://doi.org/10.21125/inted.2023.0178



Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Clores, M. A., & Aaron, A. (2020). Investigating the assessment literacy of teachers in private junior high schools in the Philippines. *Humanities, Arts and Social Sciences Studies*, 461–476. https://doi.org/10.14456/hasss.2020.17

Dadandi, U., & Dadandi, İ. (2022). Reading engagement, reading enjoyment, reading self-efficacy, and reading achievement: The mediating roles. *International Journal of Educational Methodology, 8*(2), 373–383. https://doi.org/10.12973/ijem.8.2.373

Department of Education. (2019). *Policy guidelines on the K to 12 Basic Education Program (DO No. 21, s. 2019).* https://www.deped.gov.ph/2019/08/22/august-22-2019-do-021-s-2019-policy-guidelines-on-the-k-to-12-basic-education-program/

Dipolog, S. B. (2024). Pagdalumat sa hamong kinakaharap ng mga guro sa Filipino 7 sa kakulangan sa rehiyonal na akdang pampanitikan. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10(3),* 1. https://doi.org/10.36713/epra16146

Garcia, P. M., & Rivera, S. G. (2020). Exploring the role of local literature in teaching culture and history in the Philippines. *Philippine Journal of Education, 95*(1), 123–145. https://doi.org/10.1234/pje.v95i1.2020

Georgiou, S. N., et al. (2023). Turning research evidence into teaching action: Teacher educators' attitudes toward evidence-based teaching. *International Journal of Educational Research Open*. https://doi.org/10.1016/j.ijedro.2023.100240

Gonzales, A. F., & Ramos, S. A. (2022). The challenges of teaching local literature in regional dialects: Exploring language barriers in Philippine classrooms. *Asian Journal of Language, Literature, and Culture, 8*(1), 45–60. https://doi.org/10.1016/j.ajllc.2022.06.001

Haw, J. Y., King, R. B., & Trinidad, J. E. R. (2021). Need supportive teaching is associated with greater reading achievement: What the Philippines can learn from PISA 2018. *International Journal of Educational Research, 110,* 101864. https://doi.org/10.1016/j.ijer.2021.101864

Jusayan, C. (2021). *Kulturang popular: Kasangkapan sa pagtuturo ng wika at panitikang Pilipino sa panahon ng pandemya.* https://doi.org/10.13140/RG.2.2.17659.44325

Main, P. (2023). *Sociocultural theory.* Structural Learning. https://www.structural-learning.com/post/sociocultural-theory

Monica, M., & Soplantila, E. (2024). The role of local folklores in students' reading comprehension. *MATAI: International Journal of Language Education, 4*(2), 185–198. https://doi.org/10.30598/matail.v4i2.13717

Multicultural Education. (2015). Multicultural education. *ResearchGate*. https://doi.org/10.1016/B978-0-08-097086-8.92097-X

Namanyane, T., & Shaoan, M. R. (2021). Inclusive education: A literature review on definitions, attitudes and pedagogical challenges*. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 5*(3), 358–365. https://doi.org/10.47772/IJRISS.2021.5324

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.

Nambiar, R. M. K., et al. (2020). Impact of local culture-based reading materials on students' skill development and confidence in English. *Universal Journal of Educational Research, 8*(2), 445–453. https://doi.org/10.13189/ujer.2020.080215

National Academies Press (US). (2018). *Analysis techniques for small population research*. https://www.ncbi.nlm.nih.gov/books/NBK513190/

National Council for the Social Studies. (2020). *Position statement on powerful, purposeful teaching and learning in elementary social studies.* https://www.socialstudies.org/position-statements/position-statement-powerful-purposeful-teaching-and-learning-elementary-social

Parrila, R., Inoue, T., Dunn, K., et al. (2024). Connecting teachers' language knowledge, perceived ability and instructional practices to Grade 1 students' literacy outcomes. *Reading and Writing, 37*, 1153–1181. https://doi.org/10.1007/s11145-023-10432-4

Piasta, S. B., Connor, C. M., Fishman, B. J., & Morrison, F. J. (2009). Teachers' knowledge of literacy concepts, classroom practices, and student reading growth. *Scientific Studies of Reading, 13*(3), 224–248. https://doi.org/10.1080/10888430902851364

Platil, J. R. C., Sapalaran, J. M. C., Ortiz, S. M. A., Guiritan, Z. A. G., Ceniza, T. M. D., Cuizon, H. W. L., & Gaddi, J. A. G. (2024). Bisa ng pagtuturo sa makasaysayang pagpapahalaga sa kontemporanyong kulturang Pilipino ng mga mag-aaral sa humanidades at agham panlipunan*. International Journal of Research, 11*(6), 81–94. https://doi.org/10.5281/zenodo.11561618

Rae, J., et al. (2024). Bisa ng pagtuturo sa makasaysayang pagpapahalaga sa kontemporanyong kulturang Pilipino ng mga mag-aaral. *International Journal of Research, 11*(6), 82–94. https://doi.org/10.5281/zenodo.11561618

Saldaña, J. (2014). Coding and analysis strategies. In *The Oxford handbook of qualitative research* (pp. 581–605). Oxford University Press. https://psycnet.apa.org/record/2014-13847-028

Saputra, R., Farida, N., & Suryani, N. (2023). Teacher readiness in implementing children's literature to develop cultural literacy. *International Journal of Multicultural and Multireligious Understanding, 10*(1), 417–425. https://doi.org/10.18415/ijmmu.v10i1.5183

Wang, H., Sun, W., Zhou, Y., Li, T., & Zhou, P. (2022). Teachers' assessment literacy improves teaching efficacy: A view from conservation of resources theory. *Frontiers in Psychology, 13,* 1007830. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.1007830

Authors retain copyright. Articles published under a Creative Commons Attribution 4.0 (CC-BY) International License. This license allows this work to be copied, distributed, remixed, transformed, and built upon for any purpose provided that appropriate attribution is given, a link is provided to the license, and changes made were indicated.